Katotohanan na ang Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-kapag itinaas niya ang dulang niya-sinasabi niyang:((Ang lahat ng papuri ay sa Allāh,Taglay [Niya] ang maraming pagpupuri, ang mga magaganda at pagpapala,Hindi ito mababayaran o di kaya ay maiwanan,o di kaya ay maaaring gawin na wala ang ating Panginoon))

Ayon kay Abē Umāmah-malugod si Allāh sa kanya-Katotohanan na ang Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-kapag itinaas niya ang dulang niya-sinasabi niyang:((Ang lahat ng papuri ay sa Allāh,Taglay [Niya] ang maraming pagpupuri, ang mga magaganda at pagpapala,Hindi ito mababayaran o di kaya ay maiwanan,o di kaya ay maaaring gawin na wala ang ating Panginoon))
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Ang kahulugan ng Hadith:Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay tinuturuan niya ang mga kasamahan niya ng Sunnah,sa pananalita at gawa.At kabilang sa paggugunita mula sa kanya sa pagtatapos ng pagkain;"kapag itinaas niya ang kanyang dulang" Ibig sabihin kapay natatapos siya sa kanyang pagkain,at nagsisimula siya sa pagtaas ng lalagyan ng kanyang pagkain na nasa harapan niya,"Sinasabi niyang: Ang lahat ng papuri ay sa Allah" Ang kahulugan nito ay;Ang lahat ng pagpupuri at tunay na pasasalamat ay kay Allah,Siya ay Nag-iisa at wala ng iba maliban sa Kanya,"Taglay Niya ang maraming pagpupuri" Maraming papuri na naaangkop sa Kadakilaan Niya,sa Kagandahan Niya at pagiging Ganap Niya,At maraming pasasalamat katumbas sa mga biyaya Niyang hindi nabibilang,at sa mga ipinagkakaloob Niya hindi nagkukulang (At kung inyong bibilangin ang mga biyaya ni Allah,kailanma`y hindi ninyo ito kayang bilangin) At sa sinabi niyang: " Ang magaganda" :Ibig sabihin ay dalisay at walang halong pagpapakitang tao."[Maraming] Pagpapala" Ibig sabihin ay may kasamang pananalita na hindi tinatanggihan;Dahil ang kahulugan ng pagpapala ay kabutihan,at ang mga gawaing hindi tinatanggap ay walang makikitang kabutihan rito,"Hindi ito mababayaran" Ibig sabihin,Pinupuru natin Siya-kamahal-mahaloan Siya at kapita-pitagan-dahil sa kalagayang Siya ay sapat na sa kanyang mga alipin,at hindi magiging sapat sa Kanya ang sinuman sa kanyang nilikha,dahil Siya ay walang pangangailangan sa sinuman." Hindi maiwanan" ang isa pang kalagaya;ibig sabihin nito ay;Pinupuri natin Siya-Napakamaluwalhati Niya-sa kalagayang Hindi Siya naiiwanan,Ibig sabihin ay: Wala kahit isa sa atin ang iiwanan Siya dahil pangangailangan natin lahat sa Kanya.[(154/5j)